ANG ESTETIKA NG DAYALOGO SA ADBOKASIYANG PANDULA NG PETA ARTS ZONE PROJECT

FREDYL B. HERNANDEZ
De La Salle - College of St. Benilde

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 209 30/12/2020 2:11 PM

ABSTRAK

Taong 2009 sinimulan ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang isang programang nasa ilalim ng institutional thrust na theater for development (TFD), ang Advocate Right to Safety (ARTS) Zone Project for Children na mas kilala sa tawag na ARTS Zone Project. Ito ay isang adbokasiyang pandula na nagsusulong ng karapatang pambata partikular ang karapatang maproteksyunan sa karahasang nakatago sa disiplina gaya ng pamamalo, pananakit, paninigaw, pamamahiya, at iba pang korporal na pagpaparusa. Isinusulong ng adbokasiya ang positibong disiplina bilang alternatibo sa karahasan ng korporal na parusa.

Uusisain ng pag-aaral kung papaanong ang dula at dulaan ay nagiging daan upang buwagin ang kultura ng pamamalo at pananakit sa ngalan ng pagdidisiplina. Ang estetika ng pakikipagdayalogo ay lilimiin mula sa layuning makapagbukas ng mga posibilidad sa mga manonood at mga kausap ng proyekto sa kasalukuyang problematisasyon ng pagdidisiplina ng mga bata.

Ang estetisisasyon ng dayalogo ay ikinokontrast sa pamamayani ng kultura ng dahas sa Pilipinong lipunan. May lapit at ugnayan ang pamamalo at pananakit ng mga bata sa maalwang pagtanggap ng publiko sa karahasan bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Ang korporal na parusa ay walang dudang behikulo ng lehitimisasyon ng kultura ng dahas. Ang kapangyarihan ng dula at dulaan sa pagsusulong ng dayalogo ay naglalayon ng rekonstruksyon ng kulturang namanhid na ng dahas.

Palalamnan ang estetika ng dayalogo mula sa analisis ng banner play ng adbokasiya, ang *Rated: PG*, at ang dalawang bersyon nito na *Ahh…Bakus* ng Youth Advocate for Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City at *Si Al buda ang Tsinelas* ng Sining Banwa ng Legazpi City. Maliban pa sa *Rated: PG*, uusisain din

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 210 30/12/2020 2:11 PM

ang iba pang malilikhaing gawain sa kabuuang tinakbo ng ARTS Zone Project sa dayalogong iniaalok nito sa publiko.

Panandang Salita: adbokasiyang pandula, estetikang pandula, dayalogo, theater for development, karapatang pambata



Larawan 1
Rated: PG. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 211 30/12/2020 2:11 PM

Panimula

Sino ba ang hindi nakaranas sa kaniyang kabataan ng pamamalo, pamimingot, o paninigaw bilang pamamaraan ng pagdidisiplina? Sino ba ang hindi dumaan sa intensyunal na pananakit ng katawan at/o damdamdami ng magulang o ng sinumang nakatatanda habang pinagagalitan o pinangangaralan? Kapag nabanggit ang tanong na ito sa alin mang pagtitipon, pormal man o simpleng umpukan ng kuwentuhan, malamang na makakakuha ng sagot na higit na mas marami ang dumanas ng disiplinang gumamit ng pamamalo, pamimingot, paninigaw, at iba pang dahas kumpara sa wala. Indikasyon ang karanasan ng karamihan sa pagturing ng lipunan sa pamamalo at pananakit bilang katanggap-tanggap na paraan ng pagdidisiplina sa mga bata.

Naging bahagi ng aking pagka-bata ang bigat ng kamay ng aking yumaong ama sa kaniyang pagdidisiplina sa aming magkakapatid. Natatandaan kong may mga beses na may mga latay ako ng sinturon o kaya naman ng tingting o manipis na patpat na nakatalagang pamalo kapag ako at ang mga kapatid ko ay naging malikot o "nagpasaway" sa aming mga magulang. Natatandaan ko rin sa murang isipan noong kinder pa lamang ako mula sa narinig kong pagkukuwentuhan ng nanay ko at nanay ng kaklase ko na naihi ang nasabing kaklase sa banig dahil sa ginawang pamamalo ng kaniyang tatay. Noong nasa elementarya naman ako, hindi ko na maalala ang detalye ng nangyari, tila nangatwiran at nasagot ko yata nang pabalang ang aking lolo, ang tatay ng aking nanay, na naging dahilan para masampal niya ako. Sa labis na takot dahil sa tapang at agresyong ipinakita ng aking lolo, naalala kong kumaripas ako ng takbo paalis ng bahay, humahagulgol na nagtungo sa isang tindahang malapit sa amin para doon magtago. Naawa sa akin ang may-ari ng tindahan, pinakalma ako mula sa hingal ng pagtakbo at pag-iyak, ikinubli ako at saka lamang pinauwi nang makitang umalis na ang lolo ko lulan ng kaniyang motorsiklo. Ang mga kuwentong tulad nito ay karaniwan lamang na maririnig bilang bahagi ng isang normal na pagpapalaki ng mga bata sa probinsiyang kinalakihan ko. Sa bahay namin o kahit na sa kapitbahay na saglit na kumupkop sa akin mula sa galit ng aking lolo, ordinaryong bagay ang pamamalo at pananakit na natural at kailangang pagdadaanan ng mga bata. Sa wari ko, ganito rin ang nangyayari sa marami pang lugar sa buong bansa.

Naging maugong ang publikong talakayan hinggil sa pagdidisiplina ng mga bata nitong nakalipas na mga taon dahil sa mga panukalang batas na

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 212 30/12/2020 2:11 PM

nagsulong na maproteksyunan ang mga kabataan sa karahasang nakapaloob sa pagdidisiplina ng mga magulang, guro, at iba pang matatandang mga tagapangalaga. Unang naging lamang ng mainit na debate sa mga paaralan ang Department of Education Order No. 40 na mas kilala sa DepEd Child Protection Policy dahil klarong ipinagbawal ng polisiya ang korporal na pagpaparusa at isinulong na ihalili ang positibong disiplina. Pebrero ng nakalipas na taon, ang Senate Bill (SB) No. 1477 / House Bill (HB) No. 8239 na may pamagat na "An Act Promoting Positive and Non-violent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefor" na mas kilala sa popular na tawag na "Anti-palo Bill" ay hindi naging batas dahil sa veto ng Pangulong Rodrigo Duterte.[1] Kasama ang ARTS Zone Project sa network ng mga nongovernment organizations (NGOs) na nagsulong sa nasabing panukalang batas na tumakbo ng halos pitong taong panliligaw sa mga mambabatas. Ang pag-veto sa panukalang batas ay indikasyon na ang mismong pangulo ng bansa ay may agam-agam na iwaksi ang pagdidisiplina ng mga magulang na gumagamit ng pamamalo at pananakit.

Maraming mga pag-aaral ang nagpapakita sa negatibong epekto ng pamamalo at pananakit sa mga bata. Ang karahasan sa pag-aaral na ito ay binibigyang-kahulugan alinsunod sa depenisyong nakasaad sa Artikulo 19 ng United Nation Convention on the Rights of the Child (UNCRC): "*all forms of physical, mental violence, injury and abuse, neglect or negligent treatment, maltreatment or exploitation, including sexual abuse.*" Ang eksposyur sa karahasan ng isang bata sa murang gulang nito ay sinasabing kritikal ang epekto sa kung paanong ganap na nabubuo ang utak kinalaunan. Sa kaso ng karahasang naranasan ng isang bata sa loob ng mahabang mga taon, kapagdaka'y mayroon itong negatibong implikasyon sa kaniyang sosyal, emosyunal, at intelektwal na kakayahan bilang indibidwal.[2] Bagamat nakatuon sa katawan ang konsepto ng korporal na pagpaparusa, umaabot ang saklaw nito sa paninigaw, pamamahiya, pagmamaliit, pangungutya, panghahamak, at iba pang berbal na parusa na ang epekto ay maaaring walang manipestasyon sa katawan gaya ng latay kundi nasa aspetong mental at sikolohikal. Ang latay ay maaaring mawala pagkatapos ng ilang araw pero ang sakit ng damdamin na kinikimkim sa kalooban ay maaaring magtagal sa loob ng mahabang panahon. May mga indibwal na kahit matatanda na ay naroon pa rin ang hinanakit sa kanilang mga magulang dahil sa tinanggap na negatibong pagtuturing. Ipinaliwanang ni Ma. Lourdes Carandang, isang Pilipinong sikolohista na ang espeyalisasyon

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 213 30/12/2020 2:11 PM

ay sa mga bata at pamilya, ang negatibong pagtuturing o pagbibigay ng "label" sa mga bata pati na ang pag-iinsulto sa kanila ay nagdudulot ng mahinang kalidad ng pagbibigay halaga at konsepto ng sarili kinalaunan.[3] Sa ulat naman ni Paulo Sergio Pinheiro ukol sa isang pandaigdigang pag-aaral ng karahasan sa mga bata nakabuod ang mensahe sa pahayag na: "*... no violence against children is justifiable, and all violence against children is preventable.*"[4]

Ang mga inisyatibong pinamumunuan ng mga NGOs na nagsusulong ng karapatang pambata ay naglalayong higit na paigtingin ng gobyerno ang pagsasakatuparan ng mga probisyon ng UNCRC na pinagtibay ng mga bansang kasapi ng United Nations noong 1989 bilang tugon sa kakulangan ng pandaigdigang artikulasyong titiyak sa kagalingan ng mga bata mula sa naunang deklarasyon ng mga karapatang pantao, ang Universal Declaration of Human Rights (UDHR). Ang Pilipinas na kasama sa mga pinakaunang bansang lumagda sa pandaigdigang kumbensyon na ito ay patuloy pa ring humaharap sa hamon na pag-ibayuhin ang implementasyon sa mga probisyon ng UNCRC. Ang estado ay marami pa ring kailangang tugunan na mga karapatang dapat na tamasahin ng mga bata alinsunod sa 54 na artikulo ng UNCRC na maaaring sumahin sa apat na kategorya—kaligtasan ng buhay (survival), pag-unlad (development), proteksyon, at partisipasyon.[5] Sa Pilipinas, kabilang pa rin ang mga bata sa tatlong pinakamahihirap na sektor ng ayon sa pinakahuling Poverty Incidence for Basic Sectors na inilabas ng Philippine Statistics Authority noong 2015. Ang mga bata kasama ang hanay ng mga magsasaka at mangingisda ay konsistent na kabilang sa napakamahihirap na mga sektor.[6] Ang mga pag-aaral na tulad nito ay higit na nagbibigay ng pangangailangan sa mga NGOs na isulong ang mga polisiya ng gobyernong tutugon sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng mga bata. Ayon sa prinsipyo ng UNCRC, ang 54 na artikulo ay magkakaugnay, magkakawing-kawing, at hindi maaaring paghiwa-hiwalayin. Hindi puwedeng may sapat ngang pagkain at medisina ang mga bata pero kulang naman ang mga paaralan at mababa ang kalidad ng pagtuturo sa mga paaralan, o kaya naman may mga itinayo ngang palaruan at pook-libangan ang mga bata pero hindi naman sila ligtas sa pangmamaltrato o pang-aabuso. Kinukunsiderang bata sa ilalim ng batas sa Pilipinas ang lahat ng hindi pa tumutuntong sa gulang na 18 at maging yaong tumuntong na sa ika-18 taon subalit hindi kayang mabuhay nang mag-isa dahil sa espesyal na kondisyon.[7] Ang usaping maproteksyunan ang mga bata laban sa anumang uri ng dahas, kasama na ang dahas na idinudulot ng disiplina, ay isa sa mga kinakaharap ng pamahalaan upang pangkalahatang isakatuparan ang mga probisyon ng UNCRC.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 214 30/12/2020 2:11 PM

Taong 2009 sinimulan ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang isang programang nasa ilalim ng institutional thrust na Theater for Development (TFD), ang Advocate Right to Safety (ARTS) Zone Project for Children, na mas kilala sa tawag na ARTS Zone Project. Ang nasabing programa ay isang adbokasiyang pandula na nagsusulong ng karapatang pambata partikular ang karapatang maproteksyunan sa karahasang nakatago sa disiplina. Nakatuon ang kampanya sa isyu ng pananakit sa mga bata sa ngalan ng pagdidisiplina tulad ng pamamalo, pananakit, at iba pang porma ng korporal na pagpaparusa. Isinusulong ng malikhaing kampanya ang positibong disiplina bilang alternatibo sa karahasang isinasagawa mga magulang at nakatatanda sa mga batang dinidisiplina. Instrumento ng popularisasyon ng kampanya ang iba't-ibang pamamaraan tulad ng produksyon ng dula, pagsasagawa ng mga palihan, pagbibigay-suporta sa mga lokal na inisyatibo, pag-oorganisa ng kumperensiya, paglilimbag ng mga aklat at module, produksiyon ng videos, animation, at mga teasers sa social media platforms.

Mayaman ang karanasan ng Children's Theater Program (CTP) ng PETA sa kampanya ukol sa karapatang pambata. Sa mga unang taon ng pagkakatatag ng kumpanya noong 1960s naroon na ang mga panimulang programang binuo upang hubugin ang mga bata na maging malaya at malikhaing makapagpahayag ng sarili. Sa sumunod na mga dekada, nangusap ang CTP ng naratibo ng mga batang nasa mahihirap na kalagayan gaya ng mga batang-lansangan, mga batang sangkot sa prostitusyon, pagkalulong sa bisyo, pagkakaipit sa kaguluhan ng gera, at pagiging biktima ng pang-aabuso.[8] Ang ARTS Zone Project na nakatuon sa karapatang maproteksyunan ang mga bata sa karahasang nakapaloob sa disiplina ay hindi maihihiwalay sa halos limang dekadang programa ng PETA para sa mga bata at kabataan. Ang pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina ay hindi maikakailang porma ng pang-aabuso sa dahilang ang mga nakatatandang siya sanang magtitiyak sa kaligtasan ng mga bata laban sa anumang uri ng dahas ay siya na ngayong mga instrumentong tagapagdala ng dahas (perpetrators of violence).

Ang pisikal at emosyunal na pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina na nangyayari sa mga kabahayan, paaralan, at komunidad ay mawawaring kaugnay ng mas malawak na reyalidad ng karahasan sa lipunan. Ang pag-iral ng pananakit sa mga bata ay indikasyon kung papaanong sistematikong namamayani ang dahas sa mga ugnayang panlipunan. Ang mga espasyong pinangyayarihan ng disiplinang marahas ay maaaring ituring na maykrokosmo,

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 215 30/12/2020 2:11 PM

mga maliliit na lugar na sumasalamin sa mas malawak na reyalidad ng karahasan sa lipunan. Hindi kaila sa publiko ang kaliwa't kanang agresyon ng kasalukuyang pamahalaan sa pagtugon sa mga suliraning kinakaharap nito. Halimbawa, ang di-pormal, balbal, at ura-uradang pahayag ng Pangulong Rodrigo Duterte ukol sa mga bagay na hindi niya sinasang-ayunan, na kalimitang nagtataglay ng mura, marahas na mga komento, at babalang may pananakot, ay malaki ang kinalaman sa paglikha ng pampublikong persepsyon ukol sa katanggap-tanggap na pamamaraang tatahakin upang tugunan ang isang tensyon o hamon sa lipunan.. Ganoon din, ang talamak na patayan na pangkalahatang tinatawag ng publiko bilang extrajudicial killings (EJK), bagamat itinatanggi ng pamahalaan, ay isang klaro at matingkad na manipestasyon na pag-iral ng dahas sa kasalukuyan.

Ang PETA na matalas ang kritikalidad sa mga usaping panlipunan mula sa layunin ng kumpanyang patuloy na pag-ibayuhin ang kalagayan ng indibidwal sa pamamagitan ng teatro at mga sining, ay nagpasyang sumuong sa kampanyang itigil na ang pananakit ng mga bata sa ngalan ng disiplina. Katulad ng iba pang programa nito gaya ng CTP, Women's Theater Program, at mga proyekto ng School of People's Theater, ibig umambag ng PETA sa pagsugpo sa sistemik na pananatili ng dahas sa pamamagitan ng malikhaing pagsulong ng mga kontemporaryong diskurso na magluluwal sa pagpapanibago ng panlipunang kamalayan.

Layon at Konteksto ng Pag-aaral

Ang pakikipag-ugnayan ng ARTS Zone Project sa mga indibwal, mga organisasyon, at komunidad na katulong nito sa programa ay nangyayari sa iba't ibang anyo ng transaksyong panteatro[9] na pinamumunuan ng programa. Sa dinamiko ng mga transaksyong ito, sasagutin ang tanong na: Papaaanong ang dula at malikhaing kampanyang pandulaan ay nagiging daan ng pakikipagdayalogo upang mabuwag ang kultura ng pamamalo at pananakit sa pagdidisiplina sa mga bata? Ginagamit ng adbokasiya ang dula at iba pang masining na pamamaraan upang basagin ang pagtanggap sa korporal na parusa bilang isang normal na bahagi ng paghubog o pagpapalaki sa mga bata. Ang dula at iba pang mga moda ng malikhaing kampanya ay tinitingnan bilang mga ekspresyong kultural na naglalayong magpanibago sa mga pagpapahalagang panlipunan partikular ang pakikitungo sa mga bata sa konteksto ng disiplina.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 216 30/12/2020 2:11 PM

Sa dahilang kultura ang nilalayon na buwagin, kultura rin ang siyang ginagamit upang makapagdala ng pagbabago. Ang kultura ng dahas na siyang nasa likod ng lehitimisasyon ng pamamalo at pananakit ng mga bata ay tinatapatan ng kultura ng pakikipagdayalogo sa mga magulang at iba pang nakatatanda sampu ng mga komunidad at institusyong nangangalaga ng mga bata.

Lilimiin ang estetisisasyon ng pakikipagdayalogo mula sa dulang *Rated: PG*, ang banner play ng ARTS Zone Project, at sa mga naging bersyon nito sa dalawang siyudad sa probinsiya, ang *Ahh! Bakus (Ahh! Sinturon)* ng Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City, at *Si Al buda an Tsinelas (Si Al at ang Tsinelas)* ng Sining Banwa ng Legazpi City. Ang mga linya ng mga tauhan pati na rin ang mga akto ng pakikipagdayalogo sa dula ay lunsaran ng pagbubukas ng mga posibilidad sa mga manonood nang sa ganoon ay huwag manatili sa pagkakatali ang publiko sa isang sarado o walang-kawalang kalagayan sa kasalukuyang problematisasyon ng pagdidisiplina ng mga bata. Susuportahan ang pakikipagdayalogong ipinapanukala ng dula ng iba pang mga transaksyon ng pakikipagdayalogo ng ARTS Zone Project sa mga katuwang na stake holders ng adbokasiya.



Larawan 2
Rated: PG. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 217 30/12/2020 2:11 PM

Kailangang palitawin ang lapit at ugnayan ng pamamalo, pananakit, at korporal na pagpaparusa sa mga bata sa mas malawak na pag-iral ng kultura ng dahas sa lipunan. Tutuntunin kung papaanong ang pananakit bilang pamamaraan ng paghubog sa mga bata ay nagsisilbing behikulo ng lehitimisasyon ng dahas sa lipunan batay sa sistema ng pagtatawid nito sa kamalayan ng nagpapalit-palit na mga henerasyon. Ang bayolenteng pagdidisiplina sa mga bata ay iuugnay sa malawak na pagtanggap ng lipunan sa reyalidad ng dahas tulad ng tila 'di pagkagambala ng marami sa namayagpag na kampanya ng pamahalaan na lipulin ang mga pasaway sa komunidad. Sa dahilang sistemik ang pag-iral, makikita rin ang implikasyon nito sa kung paanong dahas ang pamamaraan ng pamahalaan, na sa maraming aspeto ay tumatayong magulang o lider ng lipunan, para bigyang solusyon ang mga suliraning may kinalaman sa panlipunang kaayusan at disiplina.

Isang mahalagang bagay na kailangang banggitin ay ang nilulugaran ko bilang mananaliksik at miyembrong artista-guro ng PETA. Ako ay bahagi ng ARTS Zone Project simula pa noong unang taon nito bilang isa sa mga pangunahing miyembro ng PETA na nagsanay para maging tagapagpadaloy ng mga palihan. Naging Associate Program Director ako ng ARTS Zone Project noong 2011-2013 at napabilang din sa curriculum committee na may tungkuling imonitor ang pedagohikal na komponent ng adbokasiya. Aktibo rin ako sa iba't ibang programa sa theater for development sa loob at labas ng PETA. Layunin kong pangibabawin sa pag-aaral na ito ang aking boses bilang mag-aaral at iskolar ng sining na nagmumuni at nagsasa-teorya ng praktika ng isang adbokasiyang pandula. Ekstensiyon ang sulatin na ito ng aking direktang praktika bilang guro, tagapagpadaloy (facilitator), manggagawang pangkultura, artista sa teatro, at dating katuwang na tagapamanihala ng adbokasiyang pandula na siyang nilulugaran ng aking pag-aaral. Panghuli, wala akong anak subalit nagiging magulang naman sa maraming mga pagkakataon sa apat kong pamangkin na nasa gulang na dalawa hanggang 17 taon. Dagdag pa rito, alinsunod sa prinsipyo ng *locu parentis*, bilang guro at tagapagpadaloy ng mga palihan, tumatayong magulang din ako ng mga kabataang nasa ilalim ng aking superbisyon sa loob ng parehong pormal at di-pormal na set-up ng pag-aaral.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 218 30/12/2020 2:11 PM

Panunuring Teoretikal: Kultura ng Dahas

May sapat na lohika ang lapit at ugnayan ng paggamit ng parusa bilang metodo ng pagdidisiplina sa reyalidad ng dahas sa lipunan. Ang kultura ng pamamalo o pananakit sa pagdidisiplina ay may malaking ambag kung paanong sinusuportahan ng publiko ang mga marahas o bayolenteng sistema sa lipunan. Katulad ng pamamalo na kinalakihan at kinikilala ng karamihan bilang mabilis at mainam na pamamaraan ng pagdidisiplina, ang paggamit ng puwersa upang tugunan ang mga hamon ng kaayusan sa lipunan ay tinatanggap din ng marami bilang isang bagay na resonableng gawin. Kung sa simula pa lamang ng pagpapalaki ng isang bata ay tinitingnan ang disiplinang gumagamit ng dahas bilang bagay na katanggap-tanggap, hindi kataka-taka kung marahas din ang paraan ng pagresolba sa mga kaso ng "nagpapasaway" sa lipunan. Malaking bagay sa pagkokondisyon ng pananaw ng karamihan ukol sa dahas ang paraan ng pagtingin at pakikitungo sa mga batang walang kapangyarihan, walang boses, sunod-sunuran, at literal na maliliit na tao lamang, isang *homunculus*[10] sa pagtuturing ni Roland Barthes na tagatanggap sa kung anumang bagay na ibig ibigay sa kaniya ng nakatatanda.



Larawan 3
Isa sa mga Social Media Ad ng Adbokasiya. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 219 30/12/2020 2:11 PM

Walang duda kung marahas din ang pakikitungo sa mga walang kapangyarihan sa lipunan kung sakali man na may gawin silang mali o paglabag sa batas. Hindi baga sang-ayon ang marami sa bastang pagpatay ng mga pinaghihinalaang sangkot sa droga na karamihan ay nagmula sa mga nasa laylayan, ang mga maliliit na tao ng ating lipunan? Ang masaklap pa rito, may mga bata at kabataang kabilang sa mga biktima ng pagpatay na ito. Sa huli, napapanatili ang kultura dahil ang mga batang papalit sa henerasyon ng mga namumuno at nagpapatakbo sa lipunan ay nakondisyon na ng isang kulturang marahas. Manhid na nga yata ang marami sa reyalidad ng dahas sa ating lipunan. Marami ang sumasang-ayon at marami rin ang tila hindi na apektado ng kaliwa't kanang patayan. May sapat na dahilang sabihin na bahagi na nga ng pang-araw-araw na buhay ang hindi na ikinababahala ng karamihan na mga karahasang panlipunan.

Sa konsepto ng "disiplina at parusa" ni Michel Focault kinakailangang takot ang pairalin upang mabigyan ng kaayusan ang isang lipunang nasa estado ng pagkaligalig. Isa sa mga ilustrasyong ginamit ni Focault ay ang malikot o hindi mapakaling bata o "schoolboy"[11] na isa sa mga maaaring ilagay sa karsel upang magtanda at sistematikong matutunan ang mga bagay na kaniyang pinag-aaralan. Sa ilalim ng pamamatyag ng panopticon, may totoong tao man na nakatunghay o wala, inaasahang kikilos ang bata ayon sa ipinapagawa sa kaniya. Inilarawan ni Focault ang mga problema sa lipunan na siyang nagdadala sa kondisyon ng pagkaligalig ay maiuugat sa mga indibwal na nagtataglay ng pagbabadya na makapaminsala o makapagsimula ng kawalan ng kontrol sa mga sistemang panlipunan. Kung kaya kinakailangang pagsama-samahin ang mga indibwal na ito, ilagay sa isang pasilidad na minamanmanan sa lahat ng oras at kailangang pamayanihin ang takot sa kanila nang sa ganoon ay makontrol ang badya ng pinsala. Ang pisikal na katawan ay kailangang dumanas ng sakit at hirap tulad halimbawa ng pagkakakulong nito sa isang pasilidad dahil inaasahang magreresulta ito kapagdaka sa modipikasyon ng pagkatao. Ang katawan ay kailangang limitahan at pahirapan sa loob ng kulungan nang sa ganoon ay makamit ang ibayong pagbabago ng ugali ng isang indibidwal gaya ng nararapat na gawi ng bata sa paaralan.

Patuloy na nangyayari ang "pagmamatyag" sa mga bata sa kasalukuyang lipunan sa pagtingin na ang mga bata ay pag-aari ng magulang at ang anumang sabihin ng mga matatanda ay walang dudang dapat sundin ng mga bata. Kung sakaling hindi sumunod, natural lamang na gamitan ng dahas. Kung

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 220 30/12/2020 2:11 PM

may gulo mang dala katulad ng paglilikot ng binabanggit na "schoolboy" ni Focault, katanggap-tanggap na gamitan ng pamamalo at dahas upang umayos, sumunod, at magtanda. Ang katawan ang unang-una na kailangang makaranas ng modipikasyong sisimulan sa pagpapataw ng korporal na parusa.

Sa kasaysayang pinagdaan ng lipunang Pilipino kung saan sumailalim ang bansa sa mahabang mga taon ng kolonyalismo, nalagay tayo sa mga yugto ng pagmamatyag upang "maturuan" ng mga bagay na maaayos at kaiga-igaya sa mata ng nagmamasid na awtoridad. Pinamayani ang takot sa taong nagmamatyag ganoon din sa sakit ng parusang maaaring ipataw sa katawan ng minamatyagan kung sakaling hindi masunod ang mga inaasahan. Ang lubos na pagsunod ay nangangahulugan ng kasiyahan sa nagmamatyag na siyang tinuturingang nakakaalam ng mga bagay na mainam na magdadala tungo sa kaayusang panlipunan.

Sa isang lipunang may malalim na pinag-uugatan ang dahas bilang ordinaryong bagay na madalian at maaaring gawin ninuman, makikitang paulit-ulit lamang ang manipetasyon nito. Kung dahas ang kinamulatan, hindi malayong dahas rin ang magiging bunga kinalaunan. Sa mentalidad ng dahas, marami sa mga usapin ng kaayusang panlipunan ang direktang may kaugnayan sa mga pagpapahalaga ukol sa pagdidisiplina ng mga bata na ang institusyunalisasyon ay nagsisimula sa mga tahanan at komunidad. Halimbawa, hindi na nga maikakaila pa na dahas at armas, gaya halimbawa ng baril na siyang gamit ng mga nasa katungkulan upang bigyan nang mabilisang solusyon ang mga mabibigat na problema ng kaayusan ng lipunan kahit na humantong pa ito sa mabilisang pagkitil ng buhay ng mga pasaway. Ang paggamit ng sinturon, patpat, o walis bilang instrumento ng pagdidisiplina ay pinagtitibay ang dahilang gumamit ng armas upang ipakita ang awtoridad. Ang anumang bagay, instrumento, o implement na ginagamit sa pagdidisplina, sa bahay man o sa mas malawak na konteksto ng lipunan, ay armas ng kapangyarihan laban sa mga magugulo, maliligalig, o pasaway. Sa paglalarawan ni Slavoj Žižek, ang resulta ay isang sistematiko at organisadong reyalidad ng dahas sa lipunan.[12] Sa isang lipunang tanggap ang karahasan sa pagdidisiplina ng mga bata, asahang tanggap din ang marahas na pagresolba ng mga suliranin ng kaayusan sa lipunan.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 221 30/12/2020 2:11 PM

Panunuring Teoretikal: Dayalogong Hahalinhin sa Dahas

Sa tila pagguho ng mga institusyong panlipunan gaya halimbawa ng pagkilala at paggalang sa karapatang-pantao, naniniwala ang ARTS Zone Project na kailangang patuloy na balikan ang dignidad na taglay ng bawat isa. Malaking bagay na simulan ito kung papaano tayo nakikitungo sa mga bata, lalong-lalo na kung papaano isinasagawa ng mga matatanda ang tungkulin ng paggabay at paghubog sa kanila na siya namang layon ng disiplina. Ang pagkilala ng dignidad ay mahalagang sangkap sa pakikipagdayalogo. Ang paglinang sa kultura ng dayalogong nagmumula sa pagkilala ng dignidad ng bawat isa, maging bata man o sinumang maliit na taong nasa laylayan ng lipunan, kahit na yaong mga "pasaway," ay importanteng sangkap para palitan ang kultura ng dahas.

Sa dayalogong binubuksan ng dula at ng iba pang malikhaing metodo upang maganap ang isang rekonstruksyon ng kultura ay importante ang pagtatanong, panunuri, at pagiging kritikal sa mga pagpapahalagang nakamulatan o nakasanayan na. Kalimitang sinasabi na ang sining ay salamin ng lipunan. Pinapasubalian naman ng ilan ang pasibong paglalarawang ito ng sining na tagasalo lamang ng repleksyon ng kung anong nagaganap sa lipunan. Higit na binibigyang diin ng mga kritiko ng naturang pahayag ang aktibong kapangyarihan ng sining bilang mahalagang elementong sangkot o kalahok sa paglikha mismo ng reyalidad, hindi man ang kabuuan nito kundi mahalagang aspeto, bahagi, sampu ng persepyon ng reyalidad.[13] Maaninag sa mula sa pagbibigay ng diin sa kapangyarihan ng sining ang pagtuturing sa dula ng dramaturgong si Bertolt Brecht bilang martilyong pumapanday at nagbibigay-hugis sa lipunan.[14] Sa Basic Integrated Theater Arts Workshop (BITAW) Manual na nagsisilbing gulugod ng pedagohikal na pilosopiya ng PETA, ang dula ay hindi lamang espasyo ng malikhaing plataporma ng mga isyung panlipunan bagkus ito ay "tagapaghatid ng pag-asa"[15] tungo sa hinaharap. Hindi lamang inilalahad ng dula ang mga bagay sa lipunan na kailangang suriin kundi hinahanapan din ng dula ng alternatibo ang mga bagay na sinusuri upang maisakatuparan ang pagpapabuti ng panlipunang kalagayan.

Sa *Rated: PG*, hindi tumitigil ang pagkagusto sa dula sa lebel ng pagmumuni-muning pang-estetika kundi may layunin itong imbitahan ang manonood na pumosisyon at kapagdaka'y dalhin ang tungo sa positibong pagkilos. Katulad

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 222 30/12/2020 2:11 PM

ng mga dulang kabilang sa kategorya na theater for development, inilarawan ni Helen Nicholson na ang karanasan ay hindi natatapos sa panonood bagkus ang ibig na marating ay ang pagkakaroon ng "*... emphasis on activity and involvement ... rather than passivity and uncritical consumerism.*"[16] May tabingi, asiwa, o hindi akma sa pamamalo at pananakit sa mga bata kaya kailangan itong itigil—ang siyang inaasahang panimulang muni pagkatapos ng panonood ng dula.

Sa paggagalugad sa proseso ng dayalogo bilang panuntunan ng kasiningan makikita ang pagkawala sa tradisyunal na pagsusuring pang-estetika na nakatuon sa materyal o pisikal na aspeto ng likhang-sining. Sa *relational aesthetics* ni Nicolas Bourriaud, higit na binibigyang-diin ang interaksyong nakapaloob sa paglikha ng mga kahulugang nagmumula sa likhang-sining na tinutunghayan. Malaking bagay ang komunikasyon at pagpapalitan ng naiisip at kuro-kuro ng mga kalahok sa isang sining o proyektong mailalarawan bilang "*... perceptive, experimental, critical and participatory ...,* ."[17] Kumakawala ito sa modelo kung saan ang mga manonood o konsyumer ng sining ay tagamasid lamang kundi sila ngayon ay aktibong kausap o kabalitaktakan ng likhang-sining na tinutunghayan. Ang ARTS Zone Project na nagsusulong ng rekonstruksyon ng kultura kung saan ang dula at ang mga malikhaing aktibidad nito ay pasok sa itinuturing ni Bourriad na likhang inilalatag bilang isang "*... proposal to live in a shared world, ...*"[18]

Katulad ng sinasabi ni Bourriad, inilarawan ni Grant Kester ang direksiyon ng mga likha sa kasalukyan ay patungo sa isang "*... collaborative, and potentially emancipatory, forms of dialogue and conversation.*"[19] Kaiba sa nakasanayang dayalogo sa sining na karaniwang nagsisimula bilang tugon sa isa ng tapos na likha, ang dayalogong tinutukoy ni Kester ay may mahalagang papel sa mismong proseso ng paglikha. Sa ARTS Zone Project, integral na bahagi ng kampanya ang pakikipag-usap. Sa gawain ng pagsalungat sa dahas, ang mahinahon, lohikal, at malikhaing pakikipag-usap na iniaalok ng dula at iba pang kaugnay na mga gawain bilang lenggwahe ng adbokasiya. Hindi maaaring maisakatuparan ang minimithi ng adbokasiya kung iisa o iilan lamang ang kikilos, kailangang malikha ang malawak na suporta para sa adbokasiya lalo na't kultura ang pinag-uusapan. Ang unang cycle ng ART Zone Project ay natapos sa deklarasyon ng mga institusyong ka-partner ng programa bilang mga "ARTS Zones" kung saan kinilala ang 'di matatawarang paglahok nila sa isang proyektong naglalayon na mabigyang higit na proteksiyon ang mga bata sa lipunan. Ang proyektong ito ay nakatunghay sa paglaya ng mga bata

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 223 30/12/2020 2:11 PM

sa pagiging biktima ng isang sistemik na karahasan sa lipunan. Sa isang banda, lumaya rin ang mga magulang at mga nakatatanda na nakulong sa kaisipang okey lang na saktan ang mga bata. Inaasahang kakawala ang mga magulang at nakatatanda sa isang kalagayan kung saan hindi lamang lumalabag sa mga karapatang pambata kundi nagiging instrumento rin sila ng sistematikong pananatili ng karahasan sa lipunan sa loob ng mahabang mga taon.

Dayalogo sa Dula: Rated: PG ng PETA ARTS Zone Project, *Ahh! Bakus ng YATTA, at Si Al buda an Tsinelas ng Sining Banwa*

Naging halos kakambal ng ARTS Zone Project ang dulang *Rated: PG* lalo na sa mga unang taon ng programa. Ilinibot ang *Rated: PG* noong 2010 hanggang 2012 sa mga siyudad sa National Capital Region (NCR) kung saan naroon ang mga institusyong kapartner ng ARTS Zone Project. Karamihan sa mga institusyong ito ay binubuo ng mga pampublikong paaralan mula sa lungsod ng Caloocan, Makati, Maynila, Pasig, at Quezon—ang limang lungsod na kabilang sa may pinakamataas na bilang ng populasyon sa National Capital Region (NCR). Nadagdag naman ang mga lungsod ng Las Piñas at Valenzuela at ang bayan ng Cainta, Rizal noong 2013 sa mga lugar na tinungo ng dula.

Nang higit pang pinalawak ang sakop ng ARTS Zone Project sa mga probinsiya, ang Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City ay nagdesisyon na magkaroon ng malapit na adaptasyon ng *Rated: PG* sa wikang Bisaya noong 2013. Inilibot ang lokal na bersyon ng YATTA, ang *Ahh! Bakus (Ahh! Sinturon)*, sa Central Visayas partikular sa Cebu City at sa probinsiya ng Siquijor. Nagkaroon din ng sariling adaptasyon ang Sining Banwa ng Legazpi City sa kanilang dula na *Si Al buda an Tsinelas (Si Al at ang Tsinelas)*.



Larawan 4
Kumperensiya at Workshop ng mga Guro sa Positibong Disiplinasa Valenzuela City. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 224 30/12/2020 2:11 PM



Larawan 5
Workshop ng mga Bata ukol sa Kanilang mga Karapatan sa Cainta, Rizal. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Maliban sa mobile tour ng *Rated: PG* at ng mga adaptasyon nito sa dalawang siyudad sa rehiyon, nagkaroon din ng video version ang dula. Layon nitong higit pang dumami ang bilang ng mga manonood na maabot ng dula bilang banner play ng kampanya. Ang video version ay sagot sa limitasyon ng pagdadala ng isang buong produksiyon sa iba't ibang lugar para mapanood ng publiko dahil hindi biro ang perang kailangang ilaan para magpalipat-lipat ng lugar na pagtatanghalan ang isang produksyong kumpleto sa mga kagamitang teknikal at staff. Sa paggawa ng video, malaking kunsiderasyon ang pormang kalalabasan nito sa pamamagitan ng pagpalitaw pa rin ng anyo ng isang dulang pagtatanghal sa halip na on-location shoot na ang resulta ay reyalistikong mga eksenang tulad sa karaniwang makikita sa isang pelikula o panoorin sa telebisyon. Naging katuwang sa popularisasyon ng video ang mga lokal na istasyon sa mga probinsiya tulad ng DCTV cable sa Legazpi City at ang CLTV36 sa Gitnang Luzon, at ang Knowledge Channel ng ABS-CBN. May kalakip na discussion guide na madaliang magagamit ninuman na magpapadaloy ng talakayan pagkatapos ng palabas. Nagamit ang video at ang discussion guide sa mga parenting seminars, in-service trainings ng mga guro, palihan ukol sa karapatan ng mga bata, at maging isang konkretong leksyon sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) o Values Education sa mga paaralan sa elementarya at high school. Sa pamamagitan ng video, hindi na lamang nakatali sa ARTS Zone Project ang direktang pagtalakay sa publiko ng adbokasiya.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 225 30/12/2020 2:11 PM

Naging katulong ang mga institusyong kapartner ng programa upang dumami pa lalo ang maabot ng proyekto. Ang aktwal man na pagtatanghal ng *Rated: PG* o ang video version nito, o maging ang mga adaptasyon nito sa dalawang siyudad sa probinsiya, ang nagsilbing pangunahing susi upang magbukas ng isang pampublikong diskurso ukol sa positibong disiplina sa iba't ibang lugar at mga komunidad.

Madaliang nasakyan ng publiko ang *Rated: PG* dahil simple at ordinaryo ang tinakbo ng kuwentong isinulat ni Liza Magtoto, isa miyembrong artista-guro ng PETA at premyadong mandudula. Ang karaniwang pamilyang Pilipino, tulad halimbawa ng pamilyang kinabibilangan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan at mga pamilyang nasa kapitbahayan sa mga ordinaryong barangay sa matataong lungsod at bayan, ang pangunahing target na manonood ng dula. Umikot ang kuwento sa isang pamilyang ginagawa ang lahat ng diskarte para matugunan ang pang-araw-araw na mga pangangailangan. Ang tatay na si Romy ay naghahanapbuhay bilang tagahatid ng iba't ibang mga bagay gamit ang kaniyang lumang jeepney. Si Joselle, ang may-bahay, ay tumutulong na matustusan ang mga gastusin ng pamilya sa pamamagitan ng pagtitinda ng mga ready-to-wear (RTWs), pagbubukas ng isang sari-sari store sa gilid ng kanilang bahay, at pagluluto sa kaniyang maliit na catering service. Sinusubukan din ni Joselle ang oportunidad na makapagtrabaho sa ibang bansa upang magkaroon ang pamilya ng mas malaking kita bilang paghahanda sa mga gastusin sa pag-aaral ng mga bata sa hinaharap. Karagdagang hamon ang kinaharap ng mag-asawa nang ang panganay na anak na si Rosalie na nasa hayskul na ay tila nagrerebelde dahil sa hindi pagkakatulad ng kung anong gusto nitong gawin sa kung anong gustong ipagawa sa kaniya ng mga magulang. Ang bunsong si Tonton naman na nasa elementarya ay nagkaroon ng problema sa eskwelahan dala ng pakikipag-away sa kaklase nito. Ang dilema ng mga magulang, partikular ng nanay na si Joselle, ay kung papaano ang gagawing pagdidisiplina sa mga bata. Ayaw gawin ni Joselle sa sariling mga anak ang kalupitang dinanas sa kamay ng kaniyang istriktong nanay dahil takot ang nanatili sa kaniya at kalaunan nagbunga pa ito ng tuluyang paglayo ng kaniyang loob sa sariling magulang.

Kalimitan, ang pagdidisiplina kung saan sinasaktan ang katawan at damdamin ng mga anak ay kalimitang dinanas din ng mga magulang noong sila ay mga bata pa lamang. Dinanas halimbawa ni Joselle sa kaniyang nanay ang mailagay sa sako nang minsang may nagawa siyang mali. Si Romy naman ay pinakain ng

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 226 30/12/2020 2:11 PM

hindi kaaya-aya nang minsang marinig ng kaniyang tatay na magmura, kaya nang marinig ni Romy ang bunsong si Tonton na magmura ay tinakot ito sa pagpapapili kung sabon o sili ang ipapakain sa anak bilang parusa. Sa isang eksena naman sa paaralan matapos magsuntukan sina Tonton at ang kaklase nitong si Makmak, agad na pinaiskwat ang dalawa ng gurong si Mrs. Gulanta. Nang magharap sina Joselle at si Wilma, ang nanay ni Makmak, dahil sa gulong kapwa kinasangkutan ng mga anak, ipinanukala ng huli na ang kailangan nilang gawin ay ang parusahan ang dalawang bata at higit na maigi kung makikita nilang mga nanay ang pagpaparusang gagawin sa mga bata. Suhestiyon ni Wilma na mumurahin niya si Tonton mula ulo hanggang paa samantalang maaari namang tadyakan ni Joselle si Makmak, bagay na hindi na masama, ayon kay Wilma, dahil mas matindi ang parusang kaniyang ipinanukala sa sariling anak. Nakakatawa ang eksena pero nagpapakita lamang ito ng reyalidad ng pagiging awtomatik o ng pagkakaroon ng tila 'second nature' ng maraming mga magulang na manakit ng mga anak sakaling may pagkakamaling nagawa ang mga ito. Kung may pagkakamali ang bata, kailangang siyang saktan nang magtanda, at ang sakit na ipaparanas sa parehong katawan at damdamin ang magpapaalala sa kaniya na huwag nang ulitin ang pagkakamali.

Ang problematisasyon ng pagdidisiplina na nakasentro sa isang maliit na pamilya ay pinalawig ng mga eksenang nagpapakita sa mas malawak na kontekstong kinapapalooban ng mga bata sa lipunan tulad ng makikita sa mga paaralan at komunidad. Ibig lamang ipakita ng mga eksenang ito ang katotohanan na ang paghubog sa mga bata ay unang-unang ginagawa sa loob ng tahanan subalit hindi maisasantabi ang impluwensiyang nakukuha ng isang bata mula sa kaniyang komunidad. Ayon nga sa isang matandang kasabihan sa Africa: "*It takes a village to raise a child.*"

Idinagdag ng YATTA at Sining Banwa sa kanilang adaptasyon ang mga isyu o reyalidad na popular sa kanilang lugar na kakawing ng usapin ng disiplina. Ipinakita sa adaptasyon ng YATTA ang problema ukol sa talamak na bentahan ng ilegal na droga kung saan nasasangkot ang mga bata dahil sa mismong kagagawan ng mga magulang at matatanda sa komunidad. Ang anak na si Malvin na nagnanais na makasali sa paligsahan sa pagtakbo ay sinabihan ng amang si Chuck na ang pagtakbo nang mabilis para maihatid ang "bag," "…, *ang pinakanindot na training grounds nimo sa pagdalagan, …*[20] (…, *ang pinakamagandang training grounds mo sa pagtakbo, …*)." Nahimok ang bata na gawin ang iniutos sa kaniya dahil ang perang makukuha bilang bayad sa iaabot na bag ang siyang magiging daan para mapalitan ang sira-sira niyang sapatos na ginagamit

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 227 30/12/2020 2:11 PM

sa paligsahan sa pagtakbo. Ipinakita ng eksena ang malaking hamon sa pagdidisiplina ng mga bata sa mga pagkakataong ang mismong magulang o nakatatanda ang siyang pinagmumulan ng problema. Ayon nga sa isang popular na kasabihan, ang mali, sa mata ng bata, ay nagiging tama. Ito ay sa dahilang malaki ang pagtingin at tiwalang ibinibigay ng mga bata sa mga magulang at nakatatandang tumatayong tagabantay at tagagabay.

Sa bersyong *Si Al buda an Tsinelas* ng Sining Banwa naganap ang buong kuwento sa Biktori, pangalang halaw sa tunay na lugar na Victory Village sa Legazpi City. Binubuo ng dalawang magkalapit na barangay ang nasabing lugar na nasa tabi ng pantalan ng lungsod. Naging malaking isyu ang relokasyon sa Victory Village dahil kinailangang sirain ang maraming kabahayan at paalisin ang maraming mga pamilya nang tinayo ang Embarcadero de Legazpi, isang kilalang mall sa siyudad. Napagdesisyunang isama sa dula ang isyung ito upang ipakita na ang pakikitungo ng mga magulang sa mga anak ay naiimpluwensiyahan ng mga tensyon at pagsubok sa buhay na kinakaharap araw-araw. Madaliang napagbubuntunan ng galit ang mga anak dahil matindi at marami ang mga alalahanin at sakit sa ulong pinagdadaanan ng mga magulang. Marami sa mga magulang at nakatatanda ang hindi napangingibabawan ang mga hamong kinakaharap kaya dala ng iritasyon, pagod, at pagkabalisa ay madaliang napagbubuhatan ng kamay o kaya'y nasisigawan ang mga anak. Litaw na litaw ang kalagayang ito sa karakter ng Tatay na isa sa mga nagunguna sa pag-oorganisa ng mga magkakapitbahay para tutulan ang demolisyon. Isang buong eksena ang inilaan para ipakita ang saloobin ng mga tatay ng pamilya hinggil sa pagpapaalis sa mga taga-Biktori.[21]



Larawan 6
Si Al buda An Tsinelas, Sining Banwa, Legazpi City. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 228 30/12/2020 2:11 PM

Ang mga magulang at matatanda na may katungkulang mangalaga at tumiyak na tinatamasa ng mga bata ang kanilang mga karapatan ay ang siyang pangunahing ibig na maabot ng *Rated: PG* at ng dalawang adaptasyon nito. Isang kabalintunaan na ang mga magulang na siya sanang inaasahang magpoprotekta ay nagiging daan ng pagdanas ng dahas ng mga anak mula sa sariling kamay dahil sa ginagawang disiplina. Ito ang dahilan kung bakit *Rated: PG* ang pamagat ng dula. Halaw ito sa ebalwasyong ibinibigay sa mga panoorin sa telebisyon at pelikula na nangangailangan ng paggabay ng magulang habang pinapanood ng mga bata. Ipinupunto ng dula ang pangangailangan na kailangang gabayan din ang mga matatanda sa pagganap ng kanilang papel ng pagiging magulang sa mga bata. Sa madaling salita, nararapat na gabayan din ang mga magulang, kaya naman "parental guidance (PG)" o paggabay na kailangan din ng mga magulang.

Tinutulungang tugunan ng *Rated: PG* ang probisyon ng UNCRC kung saan nakapaloob ang karapatan ng mga magulang na suportahan at alalayan sa pagpapalaki ng mga anak. Sinasabi ng Artikulo 18 at 19 na ang estado ay kailangan gumawa ng mga programa para matulungan ang mga magulang na gampananan ang kanilang tungkulin. Ang pagtulong na ito sa mga magulang ay pagtugon na lubusang maisakatuparan ang karapatan ng mga batang Pilipino. Mayroong parenting module ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) at nahahagip din ng ilang programang pinangungunahan ng tanggapan ng Gender and Development (GAD) Office sa lokal na pamahalaan ang usapin ng mabuting pagmamagulang. Ang paglilibot ng *Rated: PG* ay pagbibigay-suporta sa napakalimitadong programa ng pamahalaan para tulungan ang mga magulang. Nagbabago na ang takbo ng panahon o iba na ang sitwasyon ngayon kaysa sa nakalipas kaya nangangailangan din ng pagbabago sa pamamaraan ng pagiging magulang. Pangkalahatan, ang istilo ng disiplina noon ay hindi na naaayon at epektibo sa sitwasyon ngayon. Maraming beses sa mga palihan, mismong mga kalahok na magulang ang nagsasabi na hindi na epektibong iparanas sa mga anak ang parehong disiplinang dinanas mula sa kanilang sariling magulang. Ang limang guro sa kindergarten na mga magulang na rin, mula sa Sangay ng Bayawan City sa probinsiya ng Negros Oriental na nakaranas na maisilid sa sako, katulad ng karakter ni Joselle sa dula, at ibitin bilang parusa ay naniniwalang hindi kailangang gawin ang parehong karanasan para bigyang disiplina ang mga bata sa ngayon.[22]

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 229 30/12/2020 2:11 PM

Ang pangunahing mga tauhan ng *Rated: PG*, ang mag-asawang sina Romy at Joselle, na siya ring mga pangunahing tauhan ng *Ahh … Bakus*, at ang hindi binigyan ng espesipikong pangalan na sina Papa at Mama ng *Si Al buda ang Tsinelas* ay kumakatawan sa mga magulang at matatanda ng lipunang Pilipino. Sila ang mga magulang na pangkalahatan ay may tunay at hindi matatawarang pagmamahal sa kanilang mga anak at mga bata, pinapahalagahan ang mga bata bilang biyaya ng Maykapal at pinagmumulan o pinaghuhugutan ng lakas at inspirasyon sa pagharap sa mga kahirapan ng buhay. Sa isang banda, sila rin ang mga magulang na sa kabila ng nasabing pagmamahal ay naroroon naman ang madaliang pagbubuhat ng kamay sa mga anak. Kadalasan, normal lamang na maririnig sa mga magulang na ito na walang masama kung gumamit ng puwersa at dahas sa pagdidisiplina. Tila kasingkahulugan na nga ng salitang disiplina ang pamamalo at pananakit ng mga bata. Awtomatiko na kung kailangang disiplinahin, kailangang paluin. Hindi maiwasang umabot sa punto ng pagkakahati ng damdamin ang mga nakatatanda ukol sa kung ano na nga ba ang nararapat gawin—kung gagawin ang kinamulatang paraan ng pagdidisiplina dahil nakikita pangkalahatan na okey naman ang sarili sa kabila ng katakot-takot na pamamalong dinanas sa mga magulang o huwag nang gawin dahil naroon din ang pagkilala sa reyalidad na nagbago na nga ang panahon at hindi na epektibong tugon sa kasalukuyang henerasyon ng mga bata ang pamamalo. Isa sa mga pangunahing tunggalian sa dula ang dilema nina Joselle at Romy at mula rito napapalitaw ang pangangailangan ng pakikipagsabayan ng pagiging magulang sa kontemporaryong panahon. Ang pagkakatali sa nakalipas o ang pagsasabi na higit na mainam ang noon kaysa sa ngayon ay hindi magandang pagmulan ng epektibong pakikipag-ugnayan ng isang magulang sa kaniyang anak. Ganoon din, ang labis na pagkontrol at pagpapalitaw ng awtoridad ay nagreresulta lamang sa pagkakimi ng mga bata, paglilihim, at pagsasara ng sariling kalooban. Sa kabilang banda, ang labis na luwag naman ay nagreresulta sa pagiging abusado ng mga bata. Mahalaga ang pagkakaroon ng rekognisyon sa reyalidad ng dilema dahil sa pagkilalang ito naitatakda ang ilang pangunahing hakbang tungo sa pakikipagdayalogo.

Ang interes at paglikha ng mga kahulugan ng mga manood ay nakakabit sa naratibo ng dula at nakasalalay sa pamamaraan ng paglalahad ng kuwento. Ang paggamit halimbawa ng mga awitin sa *Rated: PG* ay nagbigay ng maalwan na pakiramdam upang magaang mapag-isipan at madaling masakyan ang seryosong mga bagay. Ang mga nakakatawang eksena ay bumalanse naman sa mga tagpong madadrama na tumatampok sa malalim na usapin ng kalidad ng

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 230 30/12/2020 2:11 PM

ugnayan sa loob ng tahanan. Ang mga eksenang absurdo naman katulad ng tila pagtatawid-tawid ni Joselle sa mga pintuan o lagusan, isang representasyon ng mga pagpipiliang makatutulong sa pagiging magulang, kasabay nang madaliang pagpapalit ng ilaw at sound effects, ay nagdala sa manonood sa kondisyong hindi gaanong pumapaloob sa drama sa halip ay lumilikha ng distansiya upang higit na malikha o marating ang mas malawak na pagtingin at malalim na pag-aanalisa at paggagap sa eksena. Sa bersyong *Si Al buda ang Tsinelas* may eksena ng panaginip kung saan nabuhay ang mga tsinelas na sina Tsin at Ela at nakipag-usap sa batang si Al kung saan naglabas din ang mga ito ng kanilang saloobin. Pinaalalahanan nina Tsin at Ela na sumunod si Al sa kaniyang mga magulang. Nakisimpatiya rin ang dalawa sa pagsasabing nasasaktan din sila kapag ginagamit na pamalo sa puwet ni Al. Samantalang kakatwang habulan naman ang namagitan sa mga pulis, mga tatay, at batang nasangkot sa bentahan ng ilegal na droga sa bersyong *Ahh … Bakus!* na nagpakita ng magaang presentasyon ng isang napakaseryosong isyu sa kasalukuyan.

Pakikipagdayalogo ng ARTS Zone Project Bilang Programa ng Adbokasiyang Pandula


Bagamat may mahabang karanasan ang PETA sa paghawak ng mga adbokasiyang pandula, masasabing naging mapangahas ang kumpanya sa desisyon nitong yakapin ang pagsusulong ng positibong disiplina. Ang panawagang itigil na ang pamamalo at anumang uri ng pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina ay isang bagay na hindi madaling ikampanya sa Pilipinong lipunan sa kasalukuyan. Sa isang bansa kung saan tanggap na tanggap ang pamamalo bilang lehitimong pamamaraan ng paghubog at pagpapalaki ng mga bata, hindi kataka-taka kung marami ang agarang tututol sa ipinapanawagan ng programa. Ang reyalidad na ito ng pagkakahati o pagkakaiba-iba ng opinyon ay isang bagay na patuloy na kinakakaharap ng programa. Ang pagkilala, pagtanggap, at pagsuong sa reyalidad ng pagkakahating ito ay bagay na malaki ang potensyal na pag-umpisahan ng relasyon ng pakikipagdayalogo.

Ang pangunahing kausap ng programa ay ang mga magulang at iba pang mga indibidwal na tumatayong magulang o kahaliling magulang sa iba't ibang konteksto gaya halimbawa ng guro sa loob ng klasrum, mga tagapagbantay gaya ng mga social workers at houseparents sa mga institusyong nangangalaga ng mga bata, mga opisyal at kawani ng barangay, at iba pang may tungkulin hinggil

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 231 30/12/2020 2:11 PM

sa pangangalaga ng mga bata at kabataan. Ang mobilisasyon ng mga magulang ay nangangahulugan ng pag-oorganisa ng mga nangangalaga ng mga susunod na henerasyon. Ang pagmamagulang ay hindi lamang para sa kapakanan ng sariling pamilya at tahanan kundi may napakahalagang gampanin ito sa pagbubuo at pagtitindig ng isang bansa.[23] Ang kailangan ng adbokasiya ay kausap na magulang dahil sa pag-uusap lamang maaaring buksan ang isipan, simulan ang pagtatanong, balikan ang anumang mga pagpapahalaga, magsuri ng sariling nakasanayan, at harinawa'y magkaroon ng resolbang baguhin ang anumang hindi nakakatulong, at sa huli'y tugunan nang mas may kapasidad ang kinakaharap na suliranin o hamon.

Ang pagmumuni sa mga kinalakhang istilo ng pagiging magulang ay patungo sa pagtatapat-tapat ng korporal na pagpaparusa sa alternatibo na positibong disiplina. Hindi nanatiling abstrakt na ideya ang positibong disiplina dahil mga praktikal na pamamaraan ng pagsasakatuparan nito ang kailangang ihalili sa korporal na parusa na bahagi na nga ng pang-araw-araw na buhay. Ginamit ng ARTS Zone Project ang saliksik ni Joan Durrant at ng Save Children International kung saan nakatuntong ang positibong disiplina sa tatlong pangunahing konsepto—karapatang pambata, child development, at mga pag-aaral ukol sa mabuting pagmamagulang.[24]



Larawan 7
Ang Balangkas ng Positibong Disiplina Batay sa Pag-aaral ni Joan Durrant. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 232 30/12/2020 2:11 PM

Sa dinamiko ng isang kampanya sa lipunan kung saan may isyung kinakaharap na ibig hanapan ng alternatibong kasagutan, hindi makakatulong kung magtuturo o maninisi sa kung sino ang may sala o direktang responsable[25] sa dahilang malalim ang pagkakaugat sa kamalayang panlipunan ng sistema ng pananakit at pamamalo. Maaaring sabihin na ang bawat isa ay may partisipasyon sa patuloy na pag-iral ng kwestyunableng pagpapahalaga sa isang marahas na sistema. Kaya sa halip na ang mga indibidwal o ang grupo ng mga magulang, guro, at iba pang nakatatanda ang idiin bilang pangunahing tagapaghatid ng dahas, higit na makakatulong kung malawak na titingnan ang pananatili ng dahas bilang isang bagay na sinusuportahan ng mga istrukturang kultural. Kultura ang naging salalayan ng pag-iral ng dahas. Sa kultura rin mahahanap ang kasagutan, at sa lente ng adbokasiya, ang kultura ay hindi kailan man tinitingnan bilang natural na resulta ng interaksyon sa lipunan kung kaya't walang anumang dapat na gawin maliban sa ito ay hayaan at danasin lamang. Ang kultura ay patuloy na aktibong nililikha at binibigyang-hugis sa kasalukuyan at ang konstruksyon at rekonstruksyon nito ay maaaring panimulan ng mga makabuluhang pagbabago sa lipunan.

Ang positibong disiplina ay pagpapalawak ng mga posibleng pagpipilian maliban sa kung ano ang nakasanayan. Ginamit sa *Rated: PG* ang imahen ng mga pintuan bilang biswal na representasyon ng mga maaaring buksan o simulan na alternatibo. Natapos ang paghaharap nina Joselle at Wilma sa hamong ibinigay ng guro na si Mrs. Gulanta na makapag-isip ng iba pang paraan kung saan maisasagawa pa rin ang tungkulin ng mga magulang na makapagturo ng leksyon sa mga bata sa paraang hindi nakapananakit. Sa dulo ng eksena binuod ng isang awit ang mensaheng ibig iparating. Kasama sa liriko ang linyang: "*... At kung mas marami ang bubuksan, mas marami tayong mapagpipilian....*"[26] Ang pamamalo, pamimingot, pananampal, pagsasabunot, paninigaw, pagpapahiya, at iba pang pisikal at emosyunal na pananakit sa mga bata ay kalimitang bahagi ng mga reaksyong hindi napag-iisipan, awtomatikong nailalabas dahil sa mahabang mga taon ng pagkakondisyon na katanggap-tanggap ang mamalo. Sang-ayon ang marami na okey lang na manigaw, okey lang na mamahiya ng bata dahil sa mga paraang ito magtatanda sila sa mga kamaliang nagawa. Kinakailangang lumabas ang publiko sa pagkakakondisyon o pagkakataling ito. Kailangang magbukas ng mga pintuang mapagpipilian kung ano ang mas nakababuting pasya.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 233 30/12/2020 2:11 PM





Larawan 8
Sa taas, mahigit sa Libong Manonood ng Rated: PG sa Cainta, Rizal. Sa ibaba, mga Nanay sa Komunidad kasama ang Kanilang mga Anak sa Panonood ng Rated: PG. Mga larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 234 30/12/2020 2:11 PM

Ang malalim na pagtanggap sa dahas bilang lehitimong pamamaraan ng pagdidisiplina na tila nagreresulta sa isang kolektibong kawalang-malay (collective unconscious) kung saan ang karahasan ay tinitingnan na hindi na nahuhubog sa loob ng sariling karanasan kundi direkta nang namamana sa mga magulang at nakatatanda ay mainam na tingnan bilang bagay na kailangang tugunan, at ang dayalogo ay may malaking gampanin sa proseso ng pagtugon. Ipinapanukala sa mga pag-aaral ni Rhodora Nicdao hinggil sa paglikha ng positibong disiplina sa loob ng paaralan ang pangangailangan na maging matalino sa aspetong emosyon ang mga guro.[27] Ang mga hamon ng disiplina na kinakaharap sa mga mag-aaral ay hindi dapat ituring na personal na pag-atake ng mga bata sa mga guro bagkus ay obhektibong tingnan at suriin ang mga ito. Mahirap gawin ang positibong disiplina kung nakalubog sa emosyon ang mga guro sa paraang pinepersonal ang mga hamon ng disiplina at hindi nabibigyan ng distansiya sa sariling pakiramdam. Hindi lamang para sa mga guro ang ginawang pag-aaral ni Nicdao kundi para rin sa mga magulang na kinakailangang unawain ang sariling emosyon at kung paano gagamitin ang pakiramdam upang epektibong matugunan ang hamon ng pagdidisiplina sa mga anak.

Bago pa man magpasya ang mga kadayalogo ng programa na gumawa ng sariling mga resolba pagkatapos ang panonood, ang mga pangunahing tauhan mismo sa bandang dulo ng dula ay humarap sa hamon ng pagbuwag sa kanilang mga kinamulatang prinsipyo ng pagmamagulang. Itinanong ni Romy kung ang ibig sabihin ba ay kailangang humingi ng tawad sa anak dahil ayon sa mga naituro sa kaniya noong siya ay bata, ang anak ang dapat na humingi ng patawad sa magulang. Ang sagot ni Joselle, "*Kung kailangan.*"[28] At kung lumaki at nasanay man sila pareho na hindi pinakinggan ng mga magulang, ang mungkahi ni Rosalie ay baka dapat magkaroon silang mag-asawa ng higit na pakikinig sa kanilang mga anak. Sa pakikinig nagsisimula ang dayalogo dahil naroon ang paglalaan ng oras para unawain ang sinasabi ng iba. Sa video version ng *Rated: PG* idinagdag ang eksenang *Nego Rap*[29] na nagpakita sa isang miting ng pamilya nina Romy, Joselle, Rosalie, at Tonton. Wala ito sa orihinal na dula ni Magtoto pero nakitang mahalagang bagay ang bukas na komunikasyon lalo na ang pakikinig ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Naipagpapatuloy ng ARTS Zone Project ang kampanya sa loob ng halos isang dekada dahil hindi nag-iisa ang programa. Sa network na naitayo ng mga stake holders ng adbokasiya nabuo ang isang "... *community of duty bearers*

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 235 30/12/2020 2:11 PM

— *advocates, believers, and practitioners* — …"[30] isang alyansa ng mga kaagapay na magulang, guro, opisyales ng komunidad, at may mga katungkulan sa pamahalaan na siyang titiyak na lalaki ang mga batang ligtas sa karahasan. Sa lente ng karapatang pambata, tinitingnan ang mga bata bilang "rights claimer" samantalang ang mga magulang, matatanda, at lalong-lalo na ang estado ay ang mga "duty bearers" na magsisigurong natatamasa nga ng mga bata ang kanilang karapatan. Hanggang sa ngayon, buhay ang network ng mga paaralan, barangay, NGOs, lokal na pamahalaan, at iba pang mga organisasyong nakakatulong ng programa.

Konklusyon

Sa personipikasyon ng pagiging magulang batay sa pinagdaanan ng mga karakter nina Romy at Joselle, mahihinuha na ang sarili ay isang proseso. Ang sarili ay patuloy pang nagbubukas upang dumiskubre at matuto ng marami pang mga bagay. May mga bagong bagay na kailangang matutunan at mayroon din naman na kailangan nang iwan o palitan. Maaaring magsimula ang proseso sa pagtatanong sa sarili, pagdududa, kritisismo sa sarili at sa iba, o kaya nama'y pagka-alangan sa mga bagay na kinamulatan. Mahihinuha kapagdaka na hindi lahat ng nakasanayan ay dapat na umiral. Mapagtatanto rin na ang proseso ng pagkawala sa alinmang istrukturang kinamulatan tulad na mga mapaniil na istruktura ng dahas ay may kaakibat na pagtataya.[31] Kung hindi nakakatulong ang pagdidisiplinang gumagamit ng dahas, walang dudang kailangan na nga itong iwan at palitan, at maaaring ang hinihinging itaya rito ay ang pagbasag sa mga kinagawiang pagdidisiplina ng mga bata.

Marahil nasasalamin ng kasabihang "*Anak na 'di papaluin, magulang ang paluluhain*" ang malawak na pagsuporta ng publiko sa pamamalo at pananakit bilang paraan ng pagdidisiplina. Kultura ang ibig na baguhin ng adbokasiya. Katulad nang nabanggit na, ang kultura ay hindi nababago nang basta-basta lamang. Panahon ang binibilang sa pagbuo at pagtanggap ng mga pagpapahalagang umiiral sa lipunan sampu ng pagsasabuhay ng mga ito. Hindi nakukuha sa bastang pagtuturo ang pagpapalit ng mga pagpapahalaga. Ang pagtuturo ay umpisa lamang kung saan nabubuksan ang kamalayan. Ang *Rated: PG* ay halimbawa ng isang lunsaran ng panimula. Ang dula at ang iba pang malikhaing pakikipagdayalogo ng ARTS Zone Project ay mga kasangkapan ng pagpupunla ng mga pagpapahalaga na maaaring hindi pa ngayon mamalas ang

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 236 30/12/2020 2:11 PM

resulta kundi sa hinaharap. Kung kaya masasabing ang kabuuang pagsapul sa estetika ng adbokasiyang pandula ay hindi tumitigil sa agarang karansan ng pagtunghay sa dula o paglahok sa iba pang malikhaing gawain kundi nasasaklaw ng ilang mga taon. Ayon kay Kester ang karanasang pang-estetika ay "*... durational rather than immediate.*"[32] Kailangang alalahanin na ang positibong disiplina ay "*pagtama ng kaugalian ng may pagmamahal*" kung kaya ito ay isang "*pangmatagalang proseso*."[33]

Sa puntong ito, maiging balikan ang kabuuang latag ng dayalogo sa adbokasiya na siyang punlaan ng pagbabagong kultural. Sa *Rated: PG*, unang-una itong makikita sa mga pangunahing tauhan, ang mga magulang na sina Joselle at Romy. Makikita rin ito sa pagitan ng nasabing mga magulang at ng kanilang mga anak na sina Rosalie at Tonton. Matingkad rin itong ipinakita sa pagitan ng mga magulang ng mga estudyante at ng gurong si Mrs. Gulanta, at sa marami pang mga eksena. Sa parte naman ng manonood at kausap ng programa, nagsisimula ang pagpapaloob sa dayalogo sa pagmumuning nagaganap habang pinapanood ang palabas. Dinadala ang mga manonood pagkatapos sa isang konkretong pag-uusap sa pamamagitan ng isang talk back o debriefing session. Ang panonood at ang talk back ay higit pang pinalalawig sa pamamagitan ng isang araw na palihang nilalahukan ng ilang piling guro at mga lider na mga magulang sa paaralan at komunidad. Sinusundan ito ng iba pang mga aktibidad na inoorganisa ng ARTS Zone Project.

Sa ilalim ng institusyunal na kolaborasyon sa pagitan ng ARTS Zone Project at ng iba pang stakeholders ang dayalogo ay maaaring magbunga ng mga polisiya tulad halimbawa ng pagbuo ng student handbook sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod Pasig. Sinasalamin ng mahalagang dokumentong pampaaralan na ito ang mga adhikain at prinsipyo ng positibong disiplina. Kinilala at pinuri ng Central Office ng Department of Education ang proyektong ito bilang natatangi sa lahat ng mga sangay sa buong Pilipinas. Maaari rin namang ang bunga ay isang inisyatibo gaya ng pagkakabuo ng Positive Discipline Advocates of the Philippines (PDAP) na pinangunahan ng punonggurong si Gng. Zenaida Padullo kasama ang mga lider fakulti ng Holy Spirit National High School sa Sangay ng Lungsod Quezon. Sa ngayon, ang grupo ay naiimbitahan nang magsanay ng mga guro at personel ng iba pang mga paaralan sa paksang positibong disiplina. Isa pang ng resulta ng dayalogo ay ang pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan tulad halimbawa ng *Sining Aruga Para Pamilyang Valenzuelano* (2019) na binuo sa ilalim

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 237 30/12/2020 2:11 PM

ng pakikipagkolaborasyon ng Valenzuela City Local Council for the Protection of Children. O kaya naman, ang resulta o bunga ng dayalogo ay maaaring hindi na direktang nakikita o namomonitor ng programa dahil nagaganap ang mga ito sa loob ng mga bahay at mga pribadong espasyo.

Batay sa mismong apirmasyon ng mga magulang at ng mga guro mula sa kanilang pagbabahagi sa palihan, mas madaling makuha ang kalooban ng mga bata sa panahon ngayon kung ang mga magulang at nakatatanda ay naituturing bilang mga kaibigan. Ibig sabihin, maaaring hindi pagluha ang dulot ng hindi pamamalo sa mga anak bagkus mga kaibigang kapalagayan ng loob at handang makinig, makipagkuwentuhan, at makipag-usap. Katulad ng reyalisasyon ni Joselle na baka ang kailangan ay hindi imposisyon ng kung anong gusto ng magulang batay sa kung anong kinukusiderang tama sa pagpapalaki ng mga anak bagkus higit na pakikinig sa mga bata, higit na paglalaan ng oras para unawain ang mga bata, dahil kapag naramdaman ng mga bata na sila ay pinakikinggan, nararamdaman nilang may nagbibigay ng halaga sa kanila at dahilan ito upang sila'y magbukas ng kalooban. At ang pagbubukas ng kalooban ay maituturing na isa ring hudyat sa kagustuhan ng mga batang pumasok sa isang pakikipagdayalogo.

Sa pagkakaiba-iba ng posisyon at konteksto ng ginagawang pagmumuni hinggil sa kultura ng dahas sa Pilipinong lipunan kung saan malaki ang kinalaman ng kultura ng pamamalo at pananakit ng mga bata, baka naman higit na may mapulot sa isa pang salawikain—"*Kung ano ang itinanim ay siya ring aanihin.*" Kasama sa nasabing pagpupunla ang maayos na pakikitungo sa mga bata lalong-lalo na sa mga pagkakataon at oportunidad ng pagdidisiplina at pagtuturo. Ang mga bata ay hindi mga tau-tauhan o pag-aari ng mga magulang o nakatatanda na maaaring gawin kung anuman ang naisin tulad ng karahasan bagkus mga indibwal na may sariling dignidad, mga ganap o "buong tao na ang bata."[34]

Higit pa sa konsepto ng pagpupunla, ang pangangailangang isakatuparan ang adbokasiya ay hindi lamang nagmumula sa pagkakatunghay nito sa hinaharap. Totoong malaki ang epekto ng mga inisyatibo ng pagpapabuti ng kultura para sa kalidad ng buhay ng henerasyon ng mga bata at kabataan sa susunod na mga taon at dekada, pero liban pa sa romantikong aspeto ng pagtingin sa mga bata bilang hinaharap, bilang mga tagapagmana ng kung anumang binubuhusan ng atensiyon, pagod, at yaman sa kasalukyan, ang mga bata ay mga indibidwal

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 238 30/12/2020 2:11 PM

na may pangangailangang kailangang matugunan. Ang mga bata ay mga mamamayan na may mga karapatang patuloy na kailangang bantayan kung ang mga ito ay naisasakatuparan. Hindi makapaghihintay ang mga bata, kailangang ngayon na tugunan ang kanilang mga pangangailangan, at ang dula at iba pang gawain ng adbokasiyang pandulaan ng ARTS Zone Project ay mga malikhaing estratehiya upang tawagin ang pansin ang publiko, magmuni, at gumawa ng mga hakbang upang matamasa ng mga bata ang kanilang mga karapatan.

Hindi man sa nalalapit na hinaharap makikita ang bunga ng adbokasiya pandula, isang bagay ang tiyak, na ang tumigil at mawalan ng kumpansiyang baguhin ang kulturang mapaniil ay magdadala lamang sa patuloy na pag-iral ng dahas. Kung kaya, mahaba-haba pa ang babagtasin ng adbokasiya. Marami pa ang kailangang maabot, mangusap, at lumahok sa dayalogo, hindi lamang ang mga magulang at mga nakatatanda sa mga komunidad, pati na rin ang estado, ang pamahalaan, na may napakahalagang papel sa implementasyon ng pagsasakatuparan ng mga karapatang pambata kasama na ang dimensiyon ng pagiging magulang nito sa lipunan kung saan ang pamamaraan ng pakikitungo sa kaniyang mga "pasaway" na anak ay bagay na tinitingnang halimbawa ng karamihan bilang manipestasyon ng pakikitungo sa iba.

Sanggunian

Aklat

Balanon, Faye G. *Rated P³G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2012.

Barthes, Roland. *Mythologies*. Salin sa Ingles ni Annette Lavers. New York: The Noonday Press, 1991.

Boon, Richard at Jane Plastow, mga ed. *Theatre and Empowerment, Community Drama on the World Stage*. Cambridge: Cambridge University Press, 2004.

Bourriaud, Nicolas. *Relational Aesthetics*. Salin nina Simon Pleasance at Fronza Woods at paglahok ni Mathie Copeland. Le presses du réel, 2002.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 239 30/12/2020 2:11 PM

Carandang, Ma. Lourdes A. *Self-worth and the Filipino Child*. Manila: Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2010.

Durrant, Joan E. *Positive Discipline in Everyday Parenting*. Ikaapat na ed. Ottawa: Save the Children Sweden, 2016.

Durrant, Joan E. *Positive Discipline in Everyday Teaching: Guidelines for Educators*. Bangkok: Save the Children Sweden, 2010.

Flores, Patrick P. tagapamanihalang editor. *Art and Society*. Lungsod Quezon: University of the Philippines, 1997.

Foucault, Michel. *Discipline and Punishment, The Birth of Prison*. Salin sa Ingles ni Alan Sheridan. New York: Vintage Books Random House, 1977.

Galang, Marie Therese. *Rated: PG Video Discussion Guide*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2014.

Kester, Grant. "Conversation Pieces: The Role of Dialogue in Socially-Engaged Art." *Theory in Contemporary Art Since 1985*. Zoya Kucor at Simon Leung, mga ed. Wiley Blackwell, 2005. http://cam.usf.edu/CAM/exhibitions/2008_8_Torolab/Readings/Conversation_PiecesGKester.

Morala, Rachael. *A Journey to Change*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016.

Nicdao, Rhodora F. *PD+School Module, Positive Discipline in School*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016.

Nicholson, Helen. *Applied Drama, The Gift of Theater*. Palgrave Macmillan, 2005.

Pinheiro, Paulo Sergio. *World Report on Violence Against Children*. Geneva: United Nations, 2006.

Prentki, Tim at Sheila Preston, mga ed. *The Applied Theatre Reader*. London: Routledge, 2009.

Samson, Laura L., Brenda V. Fajardo, Cecilia B. Garrucho, Lutgardo L. Labad, at Ma. Gloriosa Santos-Cabangon. mga ed. *A Continuing Narrative on Philippine Theater: The Story of PETA*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2008.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 240 30/12/2020 2:11 PM

Žižek, Slavoj. *Violence, Six Sideways Reflections*. New York: Picador, 2008.

Di Nalathalang Materyales

Duterte, Rodrigo R. "Veto Statement on Senate Bill (SB) No. 1477 / House Bill (HB) No. 8239 "An Act Promoting Positive and Nonviolent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefor." 23 Pebrero 2019. pdf.

Jalimao, Roe. "Si Al buda an Tsinelas." halaw sa "Rated: PG" ni Liza Magtoto. 2013. pdf.

Kitay, Junsly. "Ahh...Bakus!." halaw sa "Rated: PG" ni Liza Magtoto. 2013. Microsoft Word file.

Magtoto, Liza. "Rated: PG." Ikawalo at panghuling borador. 2010. pdf.

Philippine Statistics Authority. "2015 Poverty Statistics for Basic Sectors," 30 Hunyo 2017.

https://psa.gov.ph/content/farmers-fishermen-and-children-consistently-posted-highest-poverty-incidence-among-basic.

United Nations International Children's Emergency Fund. "Convention on the Rights of the Child." https://www.unicef.org/child-rights-convention/convention-text.

Endnotes

1 Rodrigo R. Duterte, "Veto Statement on Senate Bill (SB) No. 1477 / House Bill (HB) No. 8239 "An Act Promoting Positive and Nonviolent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefor,"" 23 Pebrero 2019, pdf.

2 Paulo Sergio Pinheiro, *World Report on Violence Against Children*, (Geneva: United Nations, 2006), mp. 13-17.

3 Ma. Lourdes A. Carandang, *Self-worth and the Filipino Child*, (Manila: Anvil Publishing, Inc., 2010), mp. 26-37.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 241 30/12/2020 2:11 PM

4 Pinheiro, *op.cit.*, p. 3.

5 United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF), "Convention on the Rights of the Child," (https://www.unicef.org/child-rights-convention/convention-text).

6 Philippine Statistics Authority, "2015 Poverty Statistics for Basic Sectors," (https://psa.gov.ph/content/farmers-fishermen-and-children-consistently-posted-highest-poverty-incidence-among-basic).

7 Republic Act 7610, An Act Providing for Stronger Deterrence and Special Protection Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination, Providing Penalties for Its Violation, and for Other Purposes, https://www.pcw.gov.ph/sites/default/files/documents/laws/republic_act_7610.pdf.

8 Laura L. Samson *et al., A Continuing Narrative on Philippine Theater: The Story of PETA* (Lungsod ng Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2008), mp. 353-368.

9 Tim Prentki at Sheila Preston, mga ed., *The Applied Theatre Reader*. (London: Routledge, 2009), p. 10.

10 Roland Barthes, *Mythologies*, salin sa Ingles ni Annette Lavers, ika-25 limbag (New York: The Noonday Press, 1991), p. 53.

11 Michel Foucault, *Discipline and Punishment, The Birth of Prison*, salin sa Ingles ni Alan Sheridan (New York: Vintage Books Random House, 1977), p. 216.

12 Slavoj Žižek, Violence, *Six Sideways Reflections* (New York: Picador, 2008), p. 2.

13 Patrick D. Flores, "Film in Culture," *Art and Society* (Quezon City: University of the Philippines, 1997), p. 206.

14 McLaren, Peter at Peter Leonard, mga ed. *Paolo Freire: A Critical Encounter* (London: Routledge), p. 80.

15 Brenda Fajardo et al., *Basic Integrated Theater Arts Workshop (BITAW)*, PETA Workshop Manual Series No. 1 (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association), p. 13.

16 Helen Nicholson, *Applied Drama, The Gift of Theatre* (Palgrave Macmillan, 2005), p. 10.

17 Nicolas Bourriaud, *Relational Aesthetics*, salin nina Simon Pleasance at Fronza Woods at paglahok ni Mathie Copeland (Le presses du réel, 2002), p. 12.

18 Ibid, p. 22.

19 Grant Kester, "Conversation Pieces: The Role of Dialogue in Socially-Engaged Art," *Theory in Contemporary Art Since 1985*, Zoya Kucor at Simon Leung, mga ed., (Wiley Blackwell, 2005), http://cam.usf.edu/CAM/exhibitions/2008_8_Torolab/Readings/Conversation_PiecesGKester.pdf, p. 2.

20 Junsly Kitay, "Ahh ... Bakus," halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto, Microsoft Word File, p. 7.

21 Roe Jalimao, "Si Al buda ang Tsinelas", halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto, pdf, mp. 8-11 at 22-23.

22 Ang pagbabahagi ay naganap sa Training of Trainers on Positive Discipline na ibinigay ng PETA ARTS Zone Project sa pakikipagtulungan ng YATTA noong Disyembre 17-19, 2019. Inorganisa ang palihan ng Character First! Bayawanihan Coordinating Center ng lokal na pamahalaan ng Bayawan City kung saan layuning gawing institusyunal na programa ang pagsasanay sa

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 242 30/12/2020 2:11 PM

positibong disiplina ng mga magulang ng mga batang magsisimulang tumuntong sa paaralan. Ako ang tumayong punong tagapagpadaloy sa nasabing pagsasanay.

23 Carandang, *op.cit*, mp. 103-110.

24 Tingnan ang: Joan E. Durrant, *Positive Discipline in Everyday Parenting*, ikaapat na ed. (Ottawa: Save the Children Sweden, 2016), mp. 4-6.Joan E. Durrant, *Positive Discipline in Everyday Teaching: Guidelines for Educators* (Bangkok: Save the Children Sweden, 2010), mp. 13-15.

25 Alberto Cacayan, "Foreword," *Rated P3G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign,* ni Faye G. Balanon (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2012), p. ix.

26 Liza Magtoto, *Rated: PG*, ikawalo at panghuling borador, 2010, pdf, p. 38.

27 Rhodora F. Nicdao, *PD+School Module, Positive Discipline at School* (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016), mp. 15-22.

28 Ibid, p. 44.

29 Michelle Ngu at Roi Paolo Calilong, "Nego Rap." *Rated: PG Discussion Guide Adults*, ni Marie Therese Galang (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2014), mp. 38-41.

30 Rachael Morala, *A Journey to Change* (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016).

31 Michael Etherton, "South Asia's Child Rights Theatre for Development: The Empowerment of Children Who are Marginalized, Disadvantaged and Excluded," T*heatre and Empowerment, Community Drama on the World Stage*, Richard Boon at Jane Plastow, mga ed. (Cambridge: Cambridge University Press, 2004), p. 200.

32 Kester, *op cit*, p. 3.

33 Faye G. Balanon, *Rated P3G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign* (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2012), p. 31.

34 Magtoto, *op cit*, mp. 50-51.

TALAS JOURNAL VOL 4 - v6.indd 243 30/12/2020 2:11 PM